MAGING MAINGAT SA MGA PACT ACT SCAM

Noong Agosto 10, nilagdaan ni Pangulong Biden bilang batas ang Sergeant First Class Heath Robinson Honoring our Promise to Address Comprehensive Toxics Act (PACT Act). Tinutulungan ng batas na ito ang milyun-milyong Beterano at ang kanilang mga survivor sa pamamagitan ng:

- Pagpapalawak ng eligibility sa health care ng VA para sa mga Beterano na may pagkakahantad sa lason at mga Beterano ng Vietnam, Gulf War, at Post-9/11 (Post-September 11, 2001) na mga era
- Pagpapalawak ng eligibility sa mga benepisyo para sa mga Beterano na nahantad sa mga nakakalason na sangkap at ang kanilang mga survivor

Mga Tip para Maiwasan ang mga PACT Act Scam

Sinasamantala ng mga scammer ang mga bagong pagkakataon para gumawa ng panloloko. Nagkaroon ng pagtaas sa nauugnay sa PACT Act na phishing (email), vishing (telepono), at social media na mga scam na nagta-target sa mga Beterano upang ma-access ang kanilang mga benepisyo sa PACT Act o magsumite ng mga claim sa kanilang pangalan.

Dapat maging maingat ang mga Beterano sa sinumang gumagarantiya ng isang kumikitang pinansiyal na benepisyo o serbisyo.

Mga Dapat Gawin

- Maaari mong isumite ang iyong aplikasyon nang ligtas online sa pamamagitan ng VA.GOV o nang personal sa alinmang Regional Office. Maaari mong direktang ihain ang iyong claim sa VA at pagkatapos, tutulong ang VA sa pangangalap ng ebidensyang kinakailangan upang suportahan ito. Walang mga gastos o hidden fee.
- Maging maingat sa mga kumpanyang nagsasabing ang mga benepisyo ng VA ay makukuha lang sa tulong nila. Maaaring hindi kinikilala ng VA ang mga kumpanyang ito at maaaring sinusubukang maningil ng mga ilegal na bayarin.
- Maging maingat sa mga agresibong kumpanya na maaaring subukang pilitin ka na pirmahan ang kanilang kontrata sa pamamagitan ng madalas na pakikipag-ugnayan o sa pamamagitan ng paggigiit na "kailangan mong kumilos ngayon o mawawala ang iyong pagkakataon para sa mga benepisyo."
- Maging maingat sa mga kumpanyang nagsasabing nakikipag-ugnayan sa iyo sa ngalan ng VA o may espesyal na kaugnayan sa VA. Makipag-ugnayan sa VA sa 1-800-827-1000 kung hindi ka sigurado tungkol sa awtentisidad ng anumang mensaheng natanggap.
- I-validate: Kung interesado kang makipagtulungan sa isang Veteran Service Organization (VSO), ahente, o abogado, gamitin ang Accreditation tool ng Office of General Counsel upang kumpirmahin at i-validate ang kanilang mga kredensyal.

Mga Hindi Dapat Gawin

- Huwag pumirma sa isang kontrata na sumasang-ayon na bayaran ng porsyento ng iyong benepisyo ang isang hindi awtorisadong kumpanya bilang kapalit ng kanilang tulong sa iyong claim sa VA. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng claim, may mga kinatawan ng mga VSO, ahente, at abogado na akreditado ng VA upang tulungan ka.
- Huwag pumirma sa isang blangkong form para kumpletuhin ng ibang tao sa ibang pagkakataon. Palaging suriin ang nakumpletong form bago pumirma at magtago ng kopya para sa iyong sarili.
- Huwag magpalinlang sa mga kumpanyang nagsasabing mayroon silang mga espesyal na ugnayan sa mga medikal na propesyonal at gagarantiyahan ang iyong award na mga benepisyo. Kung niloloko nila ang Federal government, maaari kang managot sa pagbabayad ng mga benepisyong iyon.
- Huwag ibigay ang iyong social security number, mga medikal na rekord, o iba pang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa sinumang nag-aalok ng tulong sa mga claim bago kumpirmahin ang kanilang mga kredensyal gamit ang Accreditation tool ng Office of General Counsel.
- Huwag pumirma sa mga form na hindi binuo ng VA o awtorisasyon sa third-party para sa isang tao na magbibigay ng tulong sa mga claim na "behind-the-scenes".

Ang www.VA.gov/PACT ay ang opisyal na pinagmumulan ng impormasyon ng PACT Act.

Nais naming mag-apply ngayon ang mga Beterano at survivor para sa kanilang mga benepisyong nauugnay sa PACT Act. Upang i-report ang mga pinaghihinalaang scam, mangyaring makipag-ugnayan sa VA Office of Inspector General(OIG) Hotline (va.gov). Maghain ng reklamo sa Federal Trade Commission. Bisitahin ang Cybercrime Support Network para sa mga karagdagang mapagkukunan upang matulungan ang mga Beterano, miyembro ng serbisyo, at kanilang mga pamilya na labanan ang cybercrime.